

# Chapter One



“Sam...”

Napalington si Samantha sa tawag ng kaibigang si Cindy. Ito ang kasama niya sa bahay na ipinamana sa kanya ng isang dating pasyente niya sa Los Angeles, California may tatlong taon na ang nakakaraan.

“Parang di ka yata natinag d’yan, ah? When we left you here, nasa harap ka ng laptop mo. Hanggang ngayon nand’yan ka pa rin,” komento nito.

“Oo nga, eh. I really have to finish this research paper. I’m running out of time. Afternoon shift pa naman ako ngayon sa hospital,” sang-ayon niya.

“Ay! Siyanga pala, bago ko na naman makalimutang sabihin, ibinilin nga pala ni Mrs. Celeste na papuntahin ka sa office niya mamaya bago ka pumasok. I think it’s important that’s why you have to come early. Bago mag-alas-tres ay dapat nand’on ka na sa office niya,” anito. “Off ka kasi kahapon kaya sa akin niya pinasasabi,” dagdag pa nito.

“Gan’on ba? So, dapat pala double time ako rito,” ani Samantha. “Anyway, kumusta ang lakad n’yo ni Anton? Have you been to the couturier?” she

asked.

“Yeah. Nakapili na ako ng design for my wedding gown,” pagbibigay-alam nito. “Sa susunod na day-off mo, susunduin ka namin para masukatan ka na,” dugtong pa nitong ngiting-ngiti. “You know what, I’m so excited na. Magiging Mrs. Anton Inocencio na ako.” Tila nananaginip si Cindy nang sabihin iyon.

Napangiti si Samantha sa katuwaang nakikita sa mukha ng best friend.

“I’m happy for you, too.”

Si Cindy del Mar ay kaklase niya noon sa College of Nursing ng *Ateneo de Manila University*. Kasama rin niya itong nakapasok sa *Makati Medical Center* pagka-graduate nila at naging ganap na nurse.

Naiwan lang niya ito nang mangibang-bayan siya three years ago. At ngayon ngang bumalik na siya sa Pilipinas, muli niyang binalikan sa hospital si Cindy at niyayang samahan siya sa bahay na ipinamana sa kanya ni Mrs. Annabelle Harrison. Pumayag naman ito. Ngunit makaraan nang ilang buwan ay ibinalita ng kaibigan na magpapakasal na ito sa kasintahan, kaya maiiwan na naman siyang mag-isa sa malaking bahay.

“Di bale. Ihahanap ka rin namin ni Anton ng mapapangasawa. ‘Yong magmamahal talaga sa ‘yo nang tunay,” untag nito sa kanya. “Kaya forget your ex-boyfriend na. It’s almost four years na when he betrayed you. It’s time for you to love again para katulad ko’y maging masaya ka na rin at di na mag-

iisa.”

“Ay naku! Tigilan na ninyo ako ni Anton sa kama-match sa kung sinu-sinong Poncio Pilato, Cindy. Ayoko na,” mataray niyang saad.

“Ah... basta. I want you to be happy.”

“O siya, siya. Maghahanda na ako sa pagpasok. May appointment pa ako kay Mrs. Celeste,” ani Samantha na ang tinutukoy ay ang chief nurse ng *Makati Medical Center*.

Gumayak na si Samantha pagkatapos maligo. Dala ang laptop at ang may kalakihang backpack na naglalaman ng notebooks at libro niya sa kursong Medicine, nagpaalam na siya sa kaibigan. Kailangan niyang makausap kaagad si Mrs. Celeste para magkaroon pa siya ng time na mag-aral bago ang endorsement nila.

Habang nagmamaneho, bumalik sa alaala niya ang sinabi ni Cindy noong pinuntahan niya ito sa hospital ilang araw matapos niyang dumating ng Pilipinas.

“Bakit kailangan mo pang magtrabaho ulit dito, eh, mayamang-mayaman ka na? ‘Tsaka, baka mahirapan ka lang sa Medicine,” nag-aalalang sabi nito.

“Underload naman ako dahil late na nga akong nag-enrol, kaya it’s no big deal. Ang s’abi ko naman kay Mrs. Celeste, floater na lang muna ako,” katuwiran niya.

*Isang nang-aarok na tingin ang ipinukol sa kanya*

ni Cindy. *“Why do you have this bad habit of killing yourself with so much work, Sam? Is that your way of running away from problems and pains?”*

Hindi siya makahuma sa direktang tanong na iyon ng kaibigan.

*“Three years ago, pumayag ka agad na mag-abroad para makalimutan si Adrian. Ngayon naman bumalik ka para kalimutan ang sakit because of Mrs. Harrison’s death. Hanggang kelan ka tatakbo at magtatago, Sam? Why don’t you face your pains and sorrows? Hindi ka magiging masaya pag palagi kang ganyan,”* litanya nito.

Napatitig siya sa seryosong mukha ni Cindy. *“Sister, please. Just give me your patience and understanding this time. Hayaan mo, I’ll teach myself how to become brave and strong,”* konsola niya rito.

Napabuntong-hininga na lang ito.

*“So, paano? Magsisimula ka na bukas? Kailan ako lilipat sa bahay mo?”* sunud-sunod na tanong nito.

*“Sa makalawa. I’ll fetch you at your boarding house.”*

*“Tsk... ikaw lang ang kilala kong nurse na magduduty na napakagara ng kotse. Daig mo pa ang kotse ng mga consultant doctors natin, ah,”* kanyaw pa nito.

Napangiti siya sa kanyang pagbabalik-tanaw. Paano, siya lang ang nurse na nakakotse at latest model pa ng BMW.

Nang makarating siya sa hospital at matapos

iparada nang maayos ang kotse sa carpark, dali-dali na siyang nagtungo sa office ng chief nurse. Kumatok siya nang tatlong beses at pinapasok naman siya kaagad ni Mrs. Celeste.

“Good afternoon po,” bati niya sa babae.

“Good afternoon din, Miss Molina. Have a seat,” anito at iminuwestra ang visitor’s seat sa harap ng mesa nito.

Naupo si Samantha.

“I’ll get into details why I want to see you at once, Miss Molina,” simula nito. “Ganito kasi ’yon, ’yong malapit na kaibigan ng medical director natin na si Mrs. Gina Laurel ay naghahanap ng private nurse kapalit ng dating nurse ng father-in-law niya. She asked me a favor na maghanap sa nursing department ko ng isang competent at efficient nurse.

“Wala akong ibang maisip liban sa ’yo kasi alam mo namang understaff tayo dahil halos lahat ng nurse, nag-aambisyon na makapag-abroad. Floater-reliever naman ang status mo rito, kaya ikaw na lang ang pakikiusapan ko if it’s okay with you. You’re one of my best nurses and because ikaw lang ang magaan ang schedule, ikaw na lang ang inirekomenda ko,” mahaba nitong paliwanag. “Hindi ako makatanggi kay Dr. Israel, eh,” tukoy nito sa kanilang medical director.

“Eh, paano po ang pag-aaral ko?”

“Alam na ni Mrs. Laurel na you’re taking up Medicine at alam na rin niya ang schedule ng klase

mo. She's okay with it. Hindi naman talaga alagain ang father-in-law niya. Kailangan lang ni Mrs. Laurel ng makakatulong sa kanya especially if she has to go on a business meeting o kaya'y kailangan siya sa negosyo. "Tsaka, aside from you, may PT din na nagdu-duty three times a week. So, definitely, it's an easy job."

"Ano po ba'ng sakit ng father-in-law ni Mrs. Laurel?"

"Two years ago, he broke his leg. Then, he recently had an episode of stroke which affected the right side of his body."

"Gan'on po ba? Can you give me, at least, a few days to think about it, Ma'am? I still have to weigh things out," pakiusap niya.

"Of course, Miss Molina," anito. "Anyway, if you've decided to go for it and give it a try, just say so. Mrs. Laurel will come here to discuss with you the terms and conditions about the job she's offering you."

"Thanks, Ma'am. Kung 'yon lang po, allow me to excuse myself na po. I'll give you my final decision as soon as possible. Sige po. Magandang araw ulit," paalam niya.

Pagkalabas ng silid na iyon, nahulog kaagad sa malalim na pag-iisip ang dalaga.

*In few months' time, maiiwan na naman akong mag-isa sa bahay. Two months from now ay ikakasal na si Cindy, anang isip niya. Hay... kelan ba ako*

*titigil sa kakasabay sa agos ng buhay? Till now, wala pa ring direksyon ang buhay ko. I'm still lost. I want to become a doctor, but I can't give up my nursing profession. Ano ba talaga ang gusto mo, Samantha?*

Napailing-iling na lang siya sa naisip. Talaga namang hanggang ngayon ay naguguluhan pa rin siya sa mga nangyari sa buhay niya. Mula sa pagtataksil ng kanyang dating boyfriend at ng pinsan niya, hanggang sa pagkakilala niya kay Mrs. Harrison at ang huli ay ang pagkamatay nito sa breast cancer at pagpapamana sa kanya ng lahat-lahat nitong ari-arian.

Napabuntong-hininga ulit siya bago nagtuloy sa nurse's quarter para mag-aral. Mamaya na ulit niya iisipin kung papayag ba siya sa bagong job assignment. Uunahin na muna niya ang assignment sa eskuwela.



Patungo si Samantha sa office ng medical director para makilala si Mrs. Laurel. Napagpasyahan na niyang tanggapin ang alok nitong trabaho sa kanya. Pagtapat niya sa pinto ay kumatok siya nang tatlong beses.

“Pasok,” ani Dr. Israel mula sa loob.

Pinihit niya ang seradura. “Good morning po, Dr. Israel,” pagbibigay-galang niya sa doctor na nasa mid-fifties na.

“Good morning din, Sam. Tamang-tama ang dating mo dahil kadarating lang din ni Mrs. Laurel,”

anito bago binalingan ang nabanggit na babae.

“Gina, meet Samantha Molina. Sam, siya naman si Mrs. Gina Laurel, ang daughter-in-law ni Señor Juan Miguel Laurel, ang pasyente mo,” dagdag nito.

“Kamusta, Hija?” bati ng biyuda na ngiting-ngiti. Very friendly ang smile nito.

“Mabuti po,” nakangiti rin niyang tugon, sabay abot ng kamay.

Nang maupo na siya ay kaagad nag-umpisa ang masinsinan nilang pag-uusap tungkol sa mga gagawin niya kapag nasa bahay na siya ng mga Laurel at maging ang kanyang suweldo at iba pang benepisyo. At napagkasunduan nilang bukas na pupunta si Samantha sa bahay ng mga ito dahil tatapusin lang niya ang duty sa araw na iyon. Ibinigay na rin sa kanya ni Mrs. Laurel ang kompletong address ng bahay ng mga ito.

Palabas na siya ng office ni Dr. Israel nang bumungad sa harapan niya ang isang pagkaguwapong lalaki. Nakakunot-noo ito at halatang naiinip na.

“Ba’t ang tagal n’yo, Ma? Male-late na ako nito sa opisina,” reklamo nito. Ngayon ay nagsalubong na talaga ang mga kilay ng estranghero.

*Aba, ang taray!* naisip kaagad ni Samantha.

“Pasensya na, Hijo. Nagkasarapan lang kami ng kuwentuhan,” paliwanag ng biyuda.

“For heaven’s sake, Mama, hindi n’yo man lang ba naisip that I have a business meeting this



morning?” anitong galit na.

“Hijo, di ba I told you to cancel it? Para sa Lolo Juan mo rin naman ’tong ginagawa natin, ah,” sagot ng kausap sa kontrolado pa ring boses.

“I told you, I don’t care anymore what will happen to that old man. May driver naman, ako pa ang napili n’yong sumama sa inyo rito.”

“Can’t you do a little favor for your Lolo without complaining, Mark?” naiinis nang saad ni Mrs. Laurel. “Ngayon lang ako nakiusap sa ’yo, Anak.”

“Oo na. I know you’re done with your business here. I will take you home now so I could attend that damn business meeting,” sumusukong sabi nito.

Parang hindi naman apektado si Mrs. Laurel sa sumpong ng anak. “Siyanga pala, Mark, meet Samantha. Siya ang bagong private nurse ng lolo mo,” walang anumang pakilala nito sa kanila.

“Oh, yeah, yeah. I’m not interested in knowing her. Come on,” anito, sabay kumpas ng isang kamay.

*Antipatiko ka rin, ano! Bakit? Di rin kita gustong makilala. ’Kala mo kung sinong guwapo ka, ang sama naman ng ugali mo, gustong sabihin ni Samantha.*

“Pasensya ka na, Hija. Talagang ganyan lang magsalita ang anak ko. Parang kaaway lahat ng tao,” hinging-dispensa ng biyuda.

Ngumiti na lang siya kahit gusto na niyang magsalita ng hindi maganda tungkol sa lalaki.

“Oh! We have to go, Ramon,” sabi ni Mrs. Laurel sa medical director bago binalingan ang dalaga.

“I’ll wait for you tomorrow morning, Hija. Tamang-tama, may physical therapy session si Papa bukas. Ipakikilala kita sa kanyang PT.”

“Sige po. Ingat sa byahe.”

Bago pa nakaalis ang mag-ina ay nagtama pa muna ang mga paningin nina Samantha at Mark, at hindi nagustuhan ng dalaga ang resentment na nasalamin niya sa mga mata ng lalaki. May pinagdadaan ba ito para mag-reflect sa mga mata nito ang nararamdaman ng kaluluwa?

*My clinical eyes are working on its peak again,* naisip niya. Then she shrugged her shoulder as the two figures vanished from her sight. Nagpasya na rin siyang magpaalam sa kanilang medical director. Babalik na siya sa kanyang station.



“What!” bulalas ni Cindy. “Ibig mong sabihin, pumayag ka na sa trabahong ipino-propose ni Mrs. Celeste?”

“Yeah, nagkausap na nga kami ni Mrs. Laurel kaninang umaga at bukas na bukas din magsisimula na ako.”

“Bilib na talaga ako sa bilis mong magdesisyon, Sister,” iiling-iling nitong biro sa kanya. “Baka naman nabigla ka lang.”

“Over naman ’to, o. Pabor sa akin ang trabahong ’to. Ang gaan-gaan nga ng trabaho ko and I’ll have plenty of time na mag-study. ’Yon nga lang, stay-in ako and day-off ko is Sunday. Di ba maganda?”

“Tse! Ako naman ang iiwan mo ditong mag-isa sa bahay,” angil nito.

“Ano ba’ng ikinatatakot mo? May katulong ka namang kasama. Besides, you’re busy with your wedding preparation kaya di mo na mararamdamang wala ako. I’ll be here every Sunday naman, eh,” aniyang nakangiti.

“Hay naku! Kung minsan gusto na kitang iuntog sa pader para matauhan ka naman, Samantha. Walang kadire-direksyon ang buhay mo. Kung ano’ng bago, doon ka,” nakukunsuming nulas ni Cindy. Pinandilatan pa siya nito.

“Hey... promise, this will be the last. After this, magso-soul-searching na ako to find out ano ba talagang gusto ko sa buhay,” natatawa pa niyang salag sa kaibigan.

“Ay, ewan. The next thing I know, nasa bundok ka na at nag-eermitanyo, or the least, pumasok ka na sa kumbento at nagmongha,” patuya nitong sabi. “Naku! Pag nakita ko ulit ang Adrian na ’yon, ilalampaso ko talaga ang pagmumukha niya. If not for what he did to you, di ka magkakaganyan,” dugtong pa nito.

“Cindy!” tanging naibulalas niya.

“O siya, mag-impake ka na. Kung wala rin lang akong magawa bilang best friend mo, mabuti pa’y hayaan ka na lang. Tatal malaki ka na,” nagtatampo nitong turan.

“Thank you talaga for being so patient and

understanding, Cindy,” nakangiti pa rin niyang sabi, sabay yakap dito. Hindi siya nagpaapekto sa pagsisintir nito. Alam niyang mahal siya nito kaya nagkaganoon ang kaibigan. Kasalanan din niya kasi wala pa ring kabuluhan ang kanyang buhay. Kaya naman nag-aalala ito sa kanya katulad ng pamilya niya sa Vigan.

Napabuntong-hininga si Samantha bago tumalima.

Madalian ang ginawa niyang pag-iimpake. Ayon kay Mrs. Laurel ay hindi raw nito pinagsusuot ng uniform ang dating nurse ng father-in-law kaya damit-pambahay, pang-eskuwela at ilang damit panglakad lang ang dinala niya. Tatal uuwi siya sa Linggo kaya iyon na lang muna ang kanyang dadalhin.



## Chapter Two



**K**inabukasan, handa na siyang pumunta sa address na ibinigay ni Mrs. Laurel. Matapos magpaalam ulit sa best friend, gumayak na siya.

Pagdating niya sa mansyon ng mga Laurel, nadatnan niya ang baklang physical therapist ni Señor Juan Miguel.

“Diyosa ng kagandahan. Bongga!” bulalas nito matapos siyang ipakilala ni Mrs. Laurel. “Si Tita talaga, hindi man lang ako sinabihan na napakaganda naman pala ng bagong nurse ni Lolo para nakapaghanda ako. Ayan tuloy, natalbugan ang beauty ko,” dugtong pa nito.

“Ikaw talaga, Edz, napakamabiro mo,” komento ng ginang. Natawa rin ito sa reaksiyon ni Edson.

“Excuse me! Hindi ako nagbibiro, Tita. Paano na lang pag nakita siya ni Sir Mark, eh, di lalong dedma ang beauty ko? Lalo pa’t ang diyosa ng kagandahang ito ay may matris at obaryo,” biro pa nito at bahagyang pumilig at umarteng isinuksok ang maikling buhok sa tainga. “Ay! ’Kaloka talaga,” sabi pa nito at maarteng pinagkrus ang mga braso.

Muntik nang napahagikgik si Samantha sa kakengkoyan ng baklang kasama sa trabaho.

“Halika na nga,” pagkuwan ay yaya nito saka

inabot ang kanyang kamay at nag-abrisiete sa braso niya. “I will tour you around. Ako na’ng bahala sa kanya, Tita,” anito.

“Okay, Edz, thank you. Hija, feel at home. Ituring mong di iba ang mga tao rito,” ani Mrs. Laurel. “I will wait for you sa kuwarte ng Papa pagkatapos mong ma-orient si Samantha sa buong bahay. Doon na rin tayo magmerienda.”

“Opo,” sagot niya.

Inilibot siya ni Edson sa buong mansyon. At kahit sanay na siya sa malalaking bahay, nalulula pa rin ang dalaga sa laki at ganda ng mansyon. At nakatawag-pansin pa sa kanya ang grand staircase.

“Diyan nahulog si Lolo Juan Miguel two years ago,” pagbibigay-alam ni Edson sa kanya nang mapansing hangang-hanga siya sa mahabang hagdanan na bahagyang letter S ang hugis.

“Nakakaengganyong pangmasdan, ’no?”

Napatango siya. “Yeah. Feeling prinsesa ka kapag bumaba mula sa itaas especially when wearing an elegant and sophisticated evening gown,” sang-ayon niya.

Hinila siya ng physical therapist palapit sa unang baitang ng hagdanan.

“Atin-atin lang ’to, ha? Don’t mention it to anyone, not even with Tita Gina at lalong-lalo na if Sir Mark is around,” pabulong pa nitong sabi.

Napakunot-noo siya.

“This is the spot where Sir Mark’s wife died

two years ago. Kasamang namatay ang sanggol na ipinagbubuntis nito,” kuwento ni Edson.

“Magkasabay na nahulog si Ma’am Vernie at si Lolo Juan Miguel at ang tsismis, sinadyang ihulog ni Lolo si Ma’am Vernie, sumalangit nawa ang kanyang kaluluwa,” anitong napa-sign of the cross.

“At alam mo kung ano’ng nangyari? Nahawakan daw nito si Lolo kaya napasama ang matanda sa paggulong nito pababa. Lolo got a very bad break on his leg while si Ma’am Vernie...” dugtong pa nito at sumenyas nang tsugi with sound effect. “Dead on arrival due to internal hemorrhage ang drama.”

“Oh...” tanging naibulalas ng dalaga. Hindi niya maramdaman ang pagbibiro ng kausap.

“That’s why I’m telling you this para maintindihan mo why Sir Mark is very cold to his grandpa. That explained also Lolo Juan Miguel’s behavior. Nawalan na yata ng ganang mabuhay ang pobreng matanda dahil sa matinding akusasyon ni Sir Mark at ng malditang kambal ng asawa niya na si Lolo ang pumatay sa dalawang buhay,” dugtong pa nito. “Ay! ’Kaloka talaga. Kaya ’wag ka nang magtaka kung bakit parang galit sa mundo si Sir Mark pag nakita mo na siya.”

“I already saw him outside our medical director’s office yesterday. And you are right, he’s wearing a negative aura. Parang lahat ng tao ay kaaway.”

“Ay, sinabi mo pa! Nasusuklam kasi siya sa lolo niya dahil hindi raw nabigyan ng hustisya ang

pagkamatay ng mag-ina niya. Dapat nakulong daw si Lolo,” sagot ni Edson. “Eh, ano ang maikakaso nila kay Lolo Juan Miguel? Wala namang mabigat na ebidensya na sinadya ngang ihulog ni Lolo si Ma’am Vernie. At ayon sa sabi-sabi, there was no struggle between the two based on the autopsy. Saka nag-iisa lang ang witness sa nangyari, it’s Ma’am Verna,” kuwento pa nito.

“Naku! May gan’on palang eksena rito?”

“Oo. Basta magkunwari ka na lang na walang alam at pakialam.”

Nagkibit-balikat na lang si Samantha.

*Ano ba naman itong napasok kong trabaho? May patayan scheme pala, anang isip niya.*

“Anyway, halika na para makilala mo na si Lolo Juan Miguel,” yaya ni Edson.

Umakyat sila sa hagdanan at tinungo ang master’s bedroom. Ipinakilala ni Mrs. Laurel ang father-in-law nito sa kanya. Pagkatapos ay sinamahan siya sa karugtong na silid na siyang magiging kuwarto niya. May adjoining door pa ito para madali lang sa kanyang makalabas-masok sa silid ng matanda especially if she’s going to give him medication before bedtime.

May ibinigay rin sa kanya na parang diary na siyang susulatan niya ng nurse’s progress notes na siyang babasahin ng family doctor ng pamilya pag nagho-home visit ito para sa update ng pag-aalaga niya sa pasyente.



Matapos siyang mai-orient sa kanyang mga gagawin, pinagpahinga muna siya ni Mrs. Laurel. Bukas na lang daw siya pormal na magsimula sa trabaho. Ito na raw muna ang bahalang mag-alaga sa matanda.

Inayos na lang ni Samantha ang mga damit sa closet at ini-hang ang mga damit-panglakad niya. Nainip siya kaya sinilip niya sina Edson at Lolo Juan Miguel. Patapos na ang mga ito sa therapy.

“Oh, hi! Dumito ka muna. I’m almost done here,”  
yaya ng baklang PT.

“Aalis ka na ba?”

“Uh-huh. I have my class after this. College instructor din ako.”

“That’s nice, Edz. That way you’re duplicating yourself.”

“Correct... ’yon ang isang pinakamahalagang papel natin sa buhay—ang ituro ang ating nalalaman sa mga bagong sibol.”

“I agree.”

Napatawa ito. “Ano ba ’yan! Naging touchy na tayo ng pinag-uusapan. But I like it when I meet people like you, Sam.”

“Naks! O, ano, tapos ka na? Ihahatid na kita sa ibaba.”

“Yeah.” Binalingan ni Edson ang pasyente nito. “So, paano, Lolo John, alis na po ako.”

Tumango lang ang matanda.

“Tita Gina, I have to go,” paalam nito sa biyuda

na nasa terrace at nagbabasa ng aklat.

Kumaway lang din si Mrs. Laurel sa kanila.

Naghuhuntahan pa rin sila palabas ng mansyon nang masalubong nila ang isang unfriendly woman. Regal ito kung maglakad.

“So, nandito na pala ang kapalit ni Marga,” anitong nakataas ang kilay. Hinagod pa nito ng tingin si Samantha mula ulo hanggang paa. “Hindi pa rin nagsawa si Mama sa kakakuha ng bagong private nurse para kay Lolo Juan? Nagsasayang lang ng pera at panahon, hindi naman gumagaling ang matanda.”

*Hindi maganda ang vibes ko sa bruhanang ito. Ang arte! anang isip niya.*

“Ay, Miss Verna, excuse na po muna, ha? Mauuna na po ako kasi may klase pa ako,” hinging-paumanhin ni Edson saka hinila si Samantha palayo sa babae.

“Yon ang kakambal ng dating asawa ni Sir Mark?” usisa niya nang makalabas na sila ng main door.

“Tumpak! Hindi rin maganda ang aura, di ba?”

“Hmm... p’wedeng no comment na muna?”

Natawa ang bakla. “Pero ako, hindi ko feel ang isang ’yon. Simula nang kunin nila akong PT ni Lolo mga one and a half years ago, mabigat na talaga ang loob ko sa babaeng ’yon. She’s a constant visitor here, sumisipsip kasi feel ko may gusto siya kay Sir Mark.”

“Oy, Edz! Masama ’yang nangbibintang, ha!”

“Bruha, sinasabi ko ito dahil iyon ang na-observe ko. Kaya ikaw, mag-ingat ka roon kasi ayaw na ayaw niyang matalbugan ang beauty niya,” paalala pa nito.



Nagising si Samantha dahil sa panunuyo ng lalamunan. Pabalikwas siyang bumangon bago kinapa ang switch ng lampshade. Napatingin siya sa orasan na nakapatong sa ibabaw ng nightstand; ala una ng madaling-araw.

Hinablot niya ang kanyang roba saka bahagyang itinali iyon at nagmadaling nanaog. Hindi pa niya masyadong kabisado ang buong kabahayan, pero natatandaan pa rin niya kung saan ang papuntang kusina kahit madilim. Pagdating niya roon, kinapa niya ang switch ng ilaw, tinungo ang cupboard at kumuha ng baso. Binuksan niya ang refrigerator at kinuha ang pitcher ng malamig na tubig saka nagsalin sa baso. Naginhawaan siya nang makainom ng tubig.

Katatapos lang niyang maghugas ng baso nang may marinig siyang kalabog. Parang kopitang inihagis o binato. Kinilabutan tuloy siya. Tahimik na tahimik na ang buong kabahayan. Kaya naman, naalala niya ang kuwento ni Edson kaninang umaga.

*Lord, Kayo na po ang bahala sa akin, usal niya ng panalangin habang niyayakap ang sarili. Pinaninindigan na siya ng balahibo.*

Palinga-linga siyang naglakad pabalik sa kanyang silid. At muntik na siyang mapasigaw sa takot ng may napansing nakasubsob na tao sa minibar. Kahit natatakot, kailangan niyang lagpasan ang gawing iyon para makabalik sa kuwarto niya. Inihanda niya ang sarili para tumakbo. Malapit na siya sa kinaroroonan ng tao nang bigla itong napatuwid nang upo.

“Jesus!” malakas niyang naibulalas, sabay takip sa bibig. Nanginig siya sa takot at pinanghinaan ng tuhod.

“Who are you?” maawtoridad na tanong ng lalaki.

Nakamulagat pa rin siya at napahawak sa dibdib bago bumuga ng hangin.

*Oh, God! Si Sir Mark lang pala,* naisabi niya sa sarili.

“I said who are you?” tanong nito ulit. Nagka-*amnesia* ba ito? Noong nagdaang araw lang ay nagkita sila sa hospital.

Bago pa makasagot ang dalaga ay bumukas na ang ilaw roon. Iniluwa mula sa kung saan si Aling Tinay, isa sa mga katulong ng mansyon.

“Sir Mark? Miss Samantha?” pupungas-pungas nitong nulas. “Narinig ko po kasing may nabasag at may tumili kaya bumangon po ako,” dugtong nito na di alam kung sino sa dalawa ang kakausapin.

Napatitig muna sa kanya ang lalaki bago kinausap ang matanda.

“Who is this woman, Aling Tinay?” he asked with a frown. Hindi talaga siya nakilala nito.

“Eh, si Miss Samantha po. Ang bagong nurse ng lolo ninyo,” maagap nitong sagot.

Muli siyang tiningnan nito mula ulo hanggang paa.

“Oh... Ikaw ba 'yong babae sa office ni Tito Ramon? My grandfather's new private nurse?” sarkastikong sabi nito. “I can't really understand my mother. She's not giving up with the old man yet. Wala na namang silbi 'yon,” dagdag pa nito.

Hindi nakaimik si Aling Tinay. Si Samantha naman ay lihim na pinag-aralan ang mukha ni Mark Laurel. Napatunayan niyang totoo nga ang sabi ni Edson. Matindi ang galit nito sa abuelo.

“Pakiligpit na lang ng mga kalat ko, Aling Tinay. Matutulog na ako,” utos nito bago tumalikod at nauna nang umakyat sa itaas. Naiwan ang dalaga na natitilihan pa rin.

Nang mag-excuse si Aling Tinay sa kanya ay saka siya nagpasyang bumalik na rin sa kuwarto. Nabawasan na rin ang hintakot niyang naramdaman kanina.

Pahiga na siya ulit nang mapansing natanggal pala mula sa pagkakabuhol ang robang suot niya. Sigurado niyang halos naaninag na kanina ni Mark ang kanyang kaluluwa dahil manipis na nightie lang ang kanyang suot.

Nagkibit-balikat na lang si Samantha. Kung

naaninag man nito ang kabuuan niya, siguro naman ay wala itong maipipintas sa kanya. She had a body of a ramp model, sabi nga ni Cindy. Nasa tamang lugar ang mga kurba niya sa katawan at mala-porselana ang kanyang kutis.

“Hay! Makatulog na nga,” aniya sa sarili.

Kinabukasan, maaga pa ay gising na siya. Nakapag-stretching exercises na siya kaya masigla siyang nanaog. Naisipan niyang makitulong sa kusinerang si Aling Luding.

“Ay naku! Maupo ka na lang diyan at magkape. Wag ka na lang tumulong,” nakangiting tanggi nito. “Kaya ko na ’to.”

Hindi na nagpumilit Samantha.

“Fresh milk na lang po ang sa akin. Hindi po ako nagkakape,” aniya na kumuha ng baso sa cupboard at hinagilap ang karton ng fresh milk sa loob ng refrigerator.

“Kaya pala ang ganda-ganda ng kutis ninyo,” komento nito. “Health-conscious pala kayo.”

Ngumiti siya bago inalok ang babae na tinanggihan naman nito. Nangangalahati na siya sa iniinom na gatas nang pumasok si Mark sa kusina. Pawisan ito at halatang galing pa sa pag-eehersisyo. Kaya pala ang ganda ng katawan nito. Alaga sa ehersisyo.

Tumingin lang ito sa kanya bago nagsalin ng brewed coffee mula sa coffee maker.

*Ay, suplado talaga, anang isip niya.*

*Sino ka ba naman kasi para pansinin ng guwapong kumag na 'yan?* kontra ng isang bahagi ng utak niya.

Hindi matagalan si Samantha ang katahimikang namagitan sa kanila, kaya nagpasya na siyang lumabas muna matapos ubusin ang laman ng baso. Tutal tulog pa si Señor Juan Miguel hanggang six thirty ng umaga, ayon kay Mrs. Laurel, kaya mag-aaral na muna siya.

“Aling Luding, mauuna na po ako,” paalam niya. Nahugasan na niya ang basong pinag-inuman.

Bahagyang napasulyap sa kanya si Mark, pero walang salitang namutawi sa bibig nito.

“Bumaba ka na lang ulit ng seven para mag-agahan, Miss Samantha,” masigla pa ring sabi ng kusinera.

“Sam’ na lang po.”

Bahagyang tumango ang babae. At bago siya tuluyang tumalikod ay muli niyang sinulyapan ang lalaki.

“Sa 'yo ba 'yong isang kotse sa garahe?” narinig niyang tanong nito pagkuwan.

Napahinto siya ng lakad at lumingon kay Mark.

“Yeah, why?”

“You’re blocking my way that’s why I had not properly parked my car last night.”

“Gan'on po ba, Sir? Don't worry, I'll go there and park it properly,” aniya, sabay yukod bilang paghingi ng paumanhin. Humakbang na ulit siya paalis.

“You must be somebody. Ang pagkakaalam ko, an ordinary nurse can’t afford to buy and own a latest model of *BMW*,” he commented. “Gan’on ka na ba ka-desperate na yumaman kaya pati pagiging private nurse ay pinapatulan mo na rin?” he added.

Napanting ang tainga niya sa narinig, kaya hinarap niya ulit ang lalaki.

“Excuse me!” malakas niyang tugon. “For your information, Mr. Laurel, I’m not desperate na yumaman. I just love my profession and I’m happy with helping people who need nursing care like your grandfather,” dugtong niya sa ngayon ay mahina ngunit may diin sa kanyang boses. “And I don’t consider myself somebody. If I do have a latest model of *BMW*, wala ka na r’on. Kung dala-dala ko man ’yon sa trabaho, it’s because I need it para madali lang sa akin ang magpunta sa school,” dagdag pa niya kahit hindi na kailangan ang paliwanag niya. Naiinis lang talaga siya sa lalaki o mas tamang naiinis siya sa inasal nito.

Napataas ang kilay nito. Umalis na lang ang dalaga para hindi na humaba ang usapan. Gusto niyang kalmahin ang sarili. Hindi niya malaman kung bakit ganoon ang naging reaksyon niya. Normally, tinatawanan lang niya ang mga ganoong komento sa kanya.

Mabuti na lang at wala na si Mark nang mag-almusal na sila ni Mrs. Laurel dahil hindi pa niya kayang harapin ulit ito matapos ng engkuwentro



nila sa kusina kanina. He's provoking a fire in her when he's around.

Naging maganda naman ang takbo ng unang araw niya sa trabaho. Kahit minsan uncooperative si Señor Juan Miguel, tolerable naman ito. Mahaba ang pasensiya niya sa mga ganoong uri ng pasyente. Mas malala pa nga ang mga naging pasyente niya noong unang tapak niya ng US. Una kasi siyang nakapagtrabaho sa isang nursing home bago nakalipat sa isang prestihiyosong ospital kaya marami-rami rin siyang bad experiences in geriatric care.

Saka alam niyang nag-a-adjust pa ito sa kanya. Kung baga sa nursing process, nasa orientation phase pa sila. Kung suwertehin siyang mapadali ang pakikipagpalagayang-loob niya sa matanda, mabuti na iyon para madali na lang ang working phase nila.

But what really bothered her was the sad look in the old man's eyes. Marahil ay talagang dinibdib nito ang aksidenteng naganap or was it really an accident? Tatlo lang silang involved nang mangyari iyon at namatay pa si Vernie, kaya siguradong may hindi nagsasabi ng totoo kina Señor Juan at Verna.



## Chapter Three



**H**indi naging mahirap sa kanya ang makagaanang-loob ang lahat ng taong nakatira sa bahay ng mga Laurel. Halos namemorya na ni Samantha ang routine ng mga ito kabilang na ang kay Mark. Hindi man niya gustong malaman ang anuman tungkol dito ay hindi niya maiwasan kasi nasa iisang bahay lang sila. Madalas ay nagkakapanabay sila sa kusina sa umaga matapos nilang mag-exercise. Pero wala rin namang pag-uusap na nagaganap sa pagitan nila. Kalimitan ay siya pa ang nagmamadaling umalis sa kusina dahil hindi siya komportable sa presence ng lalaki.

Alam na rin niya ang habit nitong uminom ng alak bago matulog.

“He’s probably mourning right now. If not because of that tragic incident, mga ganitong panahon siguro ang birthday ng panganay nila ni Vernie,” narinig niyang sabi ni Mrs. Laurel mula sa kanyang likuran. Hindi niya namalayang nakalapit na pala ito sa kanya habang nag-aaral siya sa sala.

“Every time ganyan ang drama ng anak kong ’yan, parang pinipiga ang puso ko, Sam. Hindi ko kasi maintindihan kung bakit bigla na lang tumigas ang puso niya nang ganyan. Bilanggo siya

ng nakaraan. Hindi ko naman siya matulungan kasi kahit anong advice ko, kapag hindi naman willing ang puso ng pinagsasabihan ay wala ring mangyayari.”

She smiled sadly. “Mama Gina, baka mas inintindi ni Mark ang sakit at nakalimutan na niya ang ilang mahahalagang bagay sa buhay niya.” ‘Mama Gina’ ang gusto ni Mrs. Laurel na itawag niya rito kay ganoon kung i-address niya ang biyuda.

“Kaya nga minsan hindi na ako kumikibo. Nagdarasal na lang ako na sana’y matutunan na niyang magpatawad. Kung di niya palalayain ang sarili sa nakaraan ay magiging ganyan na lang siya, existing but not living. But despite the hardness of his heart, I’m still hopeful a miracle will happen, Hija. And I’m praying for it everyday.”

Isang nakakaunawang tingin ang ibinigay ni Samantha sa biyuda.

Dinampot niya ang aklat na binabasa at kaagad inaya si Mrs. Laurel na pumanhik na sa itaas. Ngunit nang nasa silid na ang dalaga ay hindi naman siya dalawin ng antok, kaya napagdiskitahan niya ang kanyang libro. Nang wala namang maintindihan sa binabasa ay tumayo siya at hinanap ang canvass at ang gamit niya sa pagpipinta. Ang hobby niyang iyon talaga ang nagpapabuhay sa kanyang dugo.

Portrait ng kapatid at ng bride-to-be nito ang pinagkakaabalahan niya ngayong pintahin. Ireregalo niya iyon sa birthday ng kapatid na siya ring

engagement party ng mga ito.

Kung hindi lang niya narinig ang pagtunog ng lumang orasang malapit sa chapel ng mansyon ay hindi siya paaawat sa pagpipinta. Hindi niya namalayang hatinggabi na pala. Pero bago siya humiga para matulog ay nagpasya na muna siyang bumaba at uminom ng gatas, hindi pa rin kasi siya inaantok.

Nang nasa malapit na siya sa wine bar ay kaagad niyang nakitang nakasubsob na si Mark sa counter. Hindi niya sana papansinin ito kung hindi lang niya nakita ang ilang bote na wala nang lamang alak. Lasing na marahil ang lalaki. At tulak ng kagandahang-asal ay nilapitan niya ito, sinilip bago bahagyang niyugyog upang gisingin mula sa pagkakatulog. Mangangalay ito kapag hanggang bukas ay doon lang ito matutulog.

Nang hindi tuminag ang binata ay sinubukan niyang itayo ito. Aakayin na lang niya ito papanhik sa itaas. Amoy na amoy niya ang alak na sumisingaw sa katawan nito. Bahagya naman itong nagdilal at umakbay kaagad sa kanya nang senyasan niyang tumayo. May kabigatan man ay nagawa rin niyang iakyat si Mark sa silid nito at iayos ng higa sa kama. Tulog na naman ito.

*Ang guwapo talaga niya!* di-mapigilang saad ng munting tinig mula sa kaibuturan ni Samantha.

Napabuntong-hininga ang dalaga saka inalis ang sapatos ni Mark. Tapos na niyang ayusin ito

sa kinahihigaan nang mapansin ang picture frame na nasa mesita katabi ng lampshade. Napatitig siya roon particular na sa babaeng kasama nito sa picture, marahil iyon si Vernie.

*Ang ganda pala ng asawa niya, anang isip niya.* Hindi ito hawig kay Verna, kaya kaagad malalaman kung sino ang isa mula sa isa.

Kaya naman pala na-in love nang husto si Mark sa asawa at halos masiraan ng bait sa pagkamatay nito sapagkat ibang klase ang beauty ni Vernie. Pero bakit tila hindi niya makita sa mga mata ng babae ang pagmamahal para sa lalaki sa larawang iyon? Bakit tila yata iba ang sinasabi ng mga mata nito?

“You’re imagining things, Sam,” she told herself.

Naipilig niya ang ulo saka pinatay ang ilaw sa lampshade. Muli niyang tiningnan ang lalaking payapa nang natutulog sa kama. Hindi niya alam kung bakit bigla na lang sumagi sa kanyang isip si Lolo Juan, ang malungkot nitong anyo na tila ba uhaw na uhaw sa pagmamahal ng apo. Kaya bago pa siya makapag-isip ng anupaman, nilapitan niyang muli si Mark at kinapa ang isang kamay nito sa ilalim ng kumot at marahan iyong hinawakan, lumuhod siya pagkatapos at nag-usal ng panalangin para rito at kay Lolo Juan. Ilang sandali lang nilisan na niya ang silid ng binata.

Hindi malaman ni Samantha kung bakit ginawa niya iyon, pero napapangiti siya kapag sumasagi sa kanyang isip ang nangyari. Imagine,

she prayed with a sleeping man and believed that a time for reconciliation between the two will come the soonest possible time. May pag-asa pang magkakaayos ang mga ito, alam niya.



Sa kabilang banda, hindi naman talaga tulog si Mark nang gawin ni Samantha ang pagdarasal habang hawak ang isang kamay niya. He's half-conscious that was why he found it amusing to know she would do such thing.

Hindi niya alam noong una ang gagawin nito nang abutin ang kamay niya at lalo siyang nagtaka nang lumuhod ito at yumuko, wari'y nagdarasal. Saka lang niya napagtantong nagdasal pala itong talaga nang bitawan na nito ang kamay niya at nag-sign of the cross. He even heard her whispered her wishes of him reconciling with his grandfather and that he would no longer have a heart of stone. Pero nais yata niyang magprotesta sa brutal nitong pagtawag sa kanyang may pusong bato.

*But you are, Mark. It's been two years, but you haven't forgiven your grandfather. He told you what happened was just an accident,* ang argumento ng maliit na boses mula sa kaibuturan ng binata.

Napabuntong-hininga siya sa naisip. Muli niyang binalikan sa alaala ang magandang imahe ni Samantha. He was still moved by what she did. Alam niyang prayerful ang dalaga dahil madalas niya itong makitang lumabas mula sa chapel ng

mansyon at magsimba tuwing Linggo at Miyerkules, pero hindi niya akalaing magdadasal ito hindi para sa sarili kundi para sa kanila ng kanyang abuelo.

Napailing tuloy si Mark, mukhang lumambot yata ang puso niya sa naging taguri ni Sam sa kanya. Pero hindi niya mapigil ang sariling mapangiti sa concern na ipinakita nito sa kanila. She really had a beautiful heart aside from her gorgeous physical beauty.

Sa naisip ay naipilig niya ang ulo. Simula nang mamatay ang kanyang asawa ay ngayon lang ulit siya humanga sa isang babae. Pero gusto rin niyang isipin na kaya siya nagkaganoon ay dahil nakita na niya halos ang kaluluwa nito sa suot na manipis na nightie noong gabi ng anniversary ng kasal nila ni Vernie. Tumatak yata ang nakita niya sa kanyang isip at dahil lalaki siya, hindi talaga maiwasang hindi siya maapektuhan sa nakita.

And it's been a while since he had an intimate relationship with the opposite sex. Sa galit ba naman niya sa mundo dahil sa nangyari sa mag-ina niya, iisipin pa niya ang pangangailangang pisikal?

Pero pilitin man ni Mark ang sariling huwag pansinin ang presence ng dalaga ay hindi niya magawa. Isaksak man niya sa utak na hindi siya dapat humanga rito ay mahirap gawin. Hindi siya bulag para hindi makita ang magandang katangian ng private nurse ng kanyang abuelo.

Aside from that, his mother became so fond of

her to the extent na para na rin nitong anak kung ituring si Samantha. Madalas itong bukambibig ng ina kapag nagagawi ito sa opisina at dahil iisang bahay lang ang tinitirhan nila, hindi talaga maiiwasang magkabungguang-siko sila nito. Another thing, everybody loved her. She even earned the respect of everyone at home.



“Anak, daanan mo naman si Samantha sa university pag-uwi mo, please,” anang ina sa kabilang linya. Nandoon pa rin sa opisina si Mark pero pauwi na siya. Pagod siya sa maghapong trabaho sa opisina.

“She has her car, right?”

“Coding ang kotse niya ngayon.”

“Ipasundo n’yo na lang sa driver, Ma. I want to head home and sleep. Pagod ako.”

“I’m here in Marikina right now and kasama ko ang driver. Anak naman, bakit ba ang hirap mong pakisuyuan? Ayokong mag-taxi pauwi si Samantha, mahirap na.”

“All right, Ma. Tawagan n’yo na lang siya at sabihing hintayin ako.”

“Okay, I’ll send you her mobile phone number also so you can communicate with her kung saan siya maghihintay sa ’yo or saan kayo magkikita,” anito bago nawala sa linya.

Napailing-iling na lang siya. He could sense his mother’s motive on bringing them together. Umiiwas



na nga siya dahil masyadong malakas ang dating ng dalaga sa kanya, pinaglalapit naman sila ng kanyang ina.

Upon receiving Samantha's mobile phone number, he immediately sent her a text message giving her instruction on where to wait for him. Hindi na lang niya tinangkang tawagan ito dahil baka nasa klase pa ito. Umalis na siya ng opisina dahil ma-traffic na papuntang *University of Sto. Tomas* kung saan nag-aaral ng Medisina ang dalaga.

"Kanina ka pa ba rito?" usisa niya nang makita sa canteen si Samantha. She was reading one of her textbooks.

"Not really. Aalis na po tayo?"

"Later. Kumain na muna tayo. I'm starving. Ginutom ako sa bagal ng traffic."

Napatingin ang dalaga sa wristwatch nito.  
"Okay."

Labag man sa kalooban ay tinibag ni Mark ang tensyon sa pagitan nila ng babae. Hindi siya sanay na hindi imikin ang kasalo niya sa pagkain liban na lang kung si Lolo Juan iyon.

"So, how was school?" he asked as they headed toward one of the vacant tables in the canteen.

"Fine," matipid nitong tugon.

Inayos niya kaagad ang pagkain sa mesa. "Let's bless the food. Gutom na talaga ako."

Nagsisimula na silang kumain nang muling nagsalita si Mark.

“Mabuti hindi ka nahihirapang pagsabayin ang studies at work mo?”

“Underload kasi ako ngayon dahil masyado na akong late nakapag-enrol so magaan pa 'yong schedule ko.”

“How can you concentrate on your studies if you are still working for my grandfather next semester?”

“Pag gusto ay may paraan, pag ayaw ay maraming dahilan,” she quoted.

It hit him but he just shrugged his shoulder to shake off the boiling tension inside him.

“Hmm... kung hindi ko sila mapagsasabay then maybe that's the time I'll give up one,” she added before sipping her drink.

“And that would be?” he was intrigued.

“Oh, I still have to weigh things out. Ayokong pagsisihan na naman kung anuman ang maging desisyon ko.”

Tumangu-tango lang siya bago ipinagpatuloy ang pagkain.



Nagtaka man sa magandang mood na ipinakita ng lalaki, nanahimik na lang din si Samantha. Naisip niyang baka isa lamang ito sa mga piling araw kung kailan walang sumpung si Mark, kaya ayaw niyang masira ang momentum na iyon.

“I saw you the other day sketching something on your drawing book. Mahilig ka pala sa art?” sabi ng lalaki sa tonong nakikipag-usap pa rin.

Dahil sa magandang mood nito kaya napapakuwento na rin ang dalaga.

“Bata pa lang ako ay mahilig na talaga akong mag-drawing at magpinta. That’s my one passion which is very hard to resist. Whenever I have time at kahit lapis at papel lang ang dala ako, napapadrawing talaga ako.”

He was surprised. “Why didn’t you take up Fine Arts or something about your craft instead?”

“Pride,” she immediately supplied him the answer.

Napataas ang isang kilay ng binata.

“People in the province will laugh at you if you will just become an artist. Hindi iyon trabaho para sa kanila kundi isang mahal na libangan lang. But I’m glad I took up Nursing instead because it gave me an opportunity to touch people’s lives everyday. Isang haplos sa kamay o di kaya’y simpleng thank you ay ayos na ako. Napapangiti na ako.”

“How about Medicine? Is your heart in it also?”

Samantha just shrugged her shoulder so he didn’t push on the subject anymore. He instead opened up another topic.

Ni hindi nila namalayan ang oras.

“Naku! Napasarap pala tayo ng usapan, Sir Mark. I think we have to go. Kailangan makainom ng gamot si Lolo Juan bago siya matulog,” untag ng dalaga.

Iyon ang hudyat ng pag-uwi nila.